# Ang Pinakadakilang Kuwento Ng Pag-ibig




# Na Ipinahayag

Marami nang kuwento ng pag-ibig na **ipinahayag-**

-ang ilan ay totoo, ang iba ay hindi
-ang ilan ay mabuti, ang iba ay masama
-ang ilan ay masaya, ang iba ay malungkot
subali't sa malaon at madali, lahat sila ay
magwawakas-lahat maliban sa isa:

Ang kuwento ng pag-ibig na ito ay tunay at may kinalaman sa iyo.

**"Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Diyos sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinumang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan."**
**Juan 3:16**

"Datapuwa't ipinagtatagubilin ng Diyos ang kaniyang pag-ibig sa atin, na nang tayo'y mga makasalanan pa, si Kristo ay namatay dahil sa atin."

Mga Taga-Roma 5:8

Mayroong isa na nagmamahal sa iyo nang sapat upang mamatay para sa iyo-upang bigyan ka ng…

Tunay na PAG-IBIG,
Kaligtasan sa kasalanan,
Buhay na walang hanggan, at marami pa!

Paano ko mararanasan ang pag-ibig, kaligtasan at buhay na walang hanggan?

Wika sa Kasulatan, "Sapagka't kung ipahahayag mo ng iyong bibig si Jesus na Panginoon, at sasampalataya ka sa iyong puso na binuhay siyang mag-uli ng Diyos sa mga patay ay maliligtas ka." Mga Taga Roma 10:9

"Datapuwa't ang lahat ng sa kaniya'y nagsitanggap, ay pinagkalooban niya sila ng karapatang maging mga anak ng Diyos, sa makatuwid baga'y ang mga nagsisisampalataya sa kaniyang pangalan."

Juan 1:12

"Tayo'y nagsisiibig, sapagka't siya'y unang umibig sa atin."

1 Juan 4:19

Hindi ba't ang pag-ibig na ito ay tinatawag tayo upang gantihan din ng pag-ibig? At kung tunay na Siya ay iniibig natin, hindi ba't hahanapin natin ang paraan na isagawa ang Kaniyang mga iniuutos; hindi ba't hahanapin natin ang mga paraan upang maging tapat at banal? Hindi ayon sa ating sariling isipan, sapagka't ang umiibig sa atin ay dakila at banal at ang Kaniyang mga paraan ay malayo sa mga paraan natin. Dahilan dito, ang ating palagiang patnubay ay nararapat na ang Kaniyang Salita, ang Biblia. Basahin mo ito araw-araw. "Manalanging walang patid," na humihingi ng kalakasang iwanan ang ating sariling daan upang tayo ay lumakad na kasama Niya sa pag-ibig.

—Mga Taga-Efeso 5:2

"Si Hesukristo ay siya ring kahapon at ngayon, oo at magpakailan man."

—Hebreo 13:8

The Greatest Love Story Ever Told—Tagalog
Foursquare Missions Press © 2005